TAGALOG

Advanced Learning Student Services
Mailing address: M.S. 32-936 – P.O. Box 34165 Seattle, WA 98124-1165
Web address: http://www.seattleschools.org/area/advlearning/index.xml *Phone: 206-252-0130*

PAKETE NG IMPORMASYON

Paano ko inonominado ang bata para sa pagsusulit sa Advanced Learning? Ang mga magulang, mga guro/kawani, at mga kasapi ng pamayanan ay maaring magnomina ng isang mag-aaral para kumuha ng pagsusulit, ngunit ang pirmadong pormularyo ng *Pahintulot ng Magulang/Tagapag-alaga* ay **kinakailangan** para sa pagsusulit. Ang mga guro at mga kasapi ng pamayanan ay kailangang magbigay ng mga pormularyo ng *Pahintulot ng Magulang/Tagapag-alaga* sa mga magulang ng mga mag-aaral na nais nilang inomina. Ang *Input ng Guro/Tagapagturo* na pormularyo ay kinakailangan rin. Ang parehong pormularyo ay nakatakda para sa Oktubre 8, 2009*.
(*Para sa mga kindergarten na mag-aaral lamang: Ang *Input ng Guro/Tagapagturo na Pormularyo* ay nakatakda para sa Nob 12, 2009; ang pormularyo ng Magulang/Tagapag-alaga ay nakatakda para sa Okt. 8, 2009.)

Saan ako makakakuha ng pormularyo ng nominasyon? Ang mga materyales para sa nominasyon ay makukuha sa mga opisina ng elementarya at mga paaralang middle, Bilingual Family Center, at Enrollment Services sa John Stanford Center for Educational Excellence. Ang mga papeles ay makukuha rin sa aming website sa www.seattleschools.org/area/advlearning/index.xml

Saan ko dapat ibalik ang mga papeles para sa nominasyon? Ibalik ang kompletong pormularyo ng pahintulot ng Magulang/Tagapag-alaga sa *sekretarya ng inyong paaralan* sa mga Pampublikong Paaralan ng Seattle elementarya o middle o ipadala sa koreo direkta sa Advanced Learning sa direksyon na nasa itaas. Huwag ibibigay ang pormularyo ng Pahintulot ng Magulang/Tagapag-alaga sa mga guro. Maaring ibalik ng mga guro ang pormularyo ng may Input ng Guro/Tagapagturo sa mga sekretarya ng paaralan o ipadala sa pamamagitan ng koreo sa paaralan o koreo ng US. Ang pormularyo ng nominasyon ay maari din na dalhin personal sa unang palapag ng Stanford Center, 2445 Third Ave. S. Hindi kami tumatanggap ng naka-fax o e-mail na mga aplikasyon. *Ang mga pamilya na nasa pribadong paaralan ay kinakailangang ipadala ang kanilang mga papeles sa koreo sa Advanced Learning kalakip ang hindi maibabalik na $90 na bayad para sa pagpoproseso o dalhing personal sa Stanford Center.*

Kung ako ay nakatira sa labas ng hangganan ng Seattle Public Schools maari ko ba na inomina ang aking anak para sa pagsusulit? Hindi. Ang mga mag-aaral ay kailangang nakatira sa loob ng hangganan ng distrito ng paaralan para makapagsulit o kailangang kasalukuyang nakatala sa Seattle Public Schools.

Pasasabihan ba ako ng petsa ng pagsusulit ng aking anak? Oo, ang sulat ng nakatakdang petsa ng pagsusulit ay ipadadala sa koreo. Ang mga magulang/tagapag-alaga na hindi nakatanggap ng sulat ng petsa para sa pagsusulit sa kalagitnaan ng Nobyembre ay kailangang makipag-alam sa tanggapan ng Advanced Learning. Ang pagsusulit ng Kaisipan ay ibibigay sa bandang katapusan ng Oktubre hanggang kalagitnaan ng Disyembre. Ang pagsusulit ay kukumpletuhin sa kalagitnaan ng Enero 2010. Ang ilang paaralan ay magkakaroon ng sesyon na Sabadong pagsusulit.

Kailan bibigyan ng pagsusulit ang mga mag-aaral sa pribadong paaralan? Ang mga mag-aaral na hindi nakatala sa Seattle Public Schools ay magsusulit sa mga Sabado. Ang mga pagsusulit ay ibibigay sa iba't ibang paaaralang elementarya ng Seattle Public Schools. Ang mga sulat ng tipan ng pagsusulit na may petsa at lugar ay ipadadala sa koreo o e-email pagkatapos ng Oktubre 8 na huling araw. Ang ilang mag-aaral ay mangangailangan ng dalawang Sabadong sesyon na pagsusulit depende sa mga resulta mula sa pagsusulit ng kaalaman.

Maari ba na obserbahan ng mga magulang ang kanilang anak habang kumukuha ng pagsusulit? Hindi. Ito ay maaring makagulo para sa mga batang kumukuha ng amino pagsusulit. Ang mga bata ay nakagagawa ng mas mabuti kung sila ay hindi inoobserbahan

Kailan ko matatanggap ang mga resulta ng pagsusulit ng aking anak? Ang pinal na resulta para sa karapatan at ang mga marka ng pagsusulit ay nakatakda na ipadala sa loob ng Enero 29, 2010. Ang mga resulta ng pagsusulit at karapatan ay ipadadala sa koreo at HINDI ipinaaalam ng maaga sa telepono, e-mail, o fax.

MGA PORMULARYO PARA SA NOMINASYON AY NAKATAKDA SA OKTUBRE 8, 2009

TAGALOG

Advanced Learning Student Services
Mailing address: M.S. 32-936 – P.O. Box 34165 Seattle, WA 98124-1165
Web address: http://www.seattleschools.org/area/advlearning/index.xml *Phone: 206-252-0130*

Anong uri ng mga pagsusulit ang ibibigay? Ang lahat ng mag-aaral ay kukuha ng pagsusulit na susukat ng kanilang abilidad sa kaisipan (ang Cognitive Abilities Test). Sa karagdagan, ang mga pagsusuri para sa kakayahan sa pagbasa at matematika ay maaring ding kailanganin. Gagamitin namin ang resulta ng nagawa sa pagsusulit mula sa WASL (Tagsibol 2009) o ng MAP(Pagsukat ng Akademikong Progreso, bagong ibibigay sa ating Distrito sumula sa Taglagas 2009). Ang mga mag-aaral na walang bagong nakatalang mga pagsusulit sa kakayahan ng pagbasa at matemátika ay maaring mabigyan ng *Woodcock- Johnson Achievement Test* (mga gradong K-1), ang *Iowa Test of Basic Skills*(mga gradong 2-7), o ang MAP. Ang pagiging karapat-dapat para sa programang Spectrum Young Scholars (mga gradong 1-2) ay hindi nangangailangan ng pagsusulit. Pakitingnan ang aming website: *www.seattleschools.org/area/advlearning/ eligtestcriteria.htm* para sa karagdagang mga detalye.

Ang pagsusulit ba sa kasanayan sa pagbasa at matemátika ay puwedeng ibigay para mabigyan ng konsiderasyon? Ang mga mag-aaral na kasalukuyang hindi nakatala sa Seattle Public Schools na kumuha ng pamantayang mga pagsusulit sa pagbasa at matemátika na kinuha sa lugar ng paaralan na hindi aaga ng Marso 1, 2009 ay puwedeng magbigay ng tala ng iskor. Ang tala ng iskor ay dapat nasa opisina ng Advanced Learning bago mag Disyembre 16, 2009. Ang mga iskor na pambansang pagsusulit (tulad ng ITBS, ERB) o mga iskor mula sa pagsusulit sa WASL ang puwede lamang mabigyan ng konsiderasyon. Ang mga ibinigay na iskor ay magiging bahagi ng ulat ng pagsusulit ng mga mag-aaral at hindi magagamit kapalit ng Pagsusulit ng Kaisipang mga Abilidad (Cognitive Abilities).

May pamaraan ba ng pag-aapila sa desisyon kapag ang mag-aaral ay natuklasan na hindi karapat-dapat? Oo. Ang partikular na impormasyon tungkol sa pamaraan ng pag-aapila ay isasama sa mga liham ng pagiging karapat-dapat at puwedeng makita sa Advanced Learning website. Ang mga pribadong pagsusuri ay isasaalang-alang lamang sa panahon ng pag-aapila..

Kinakailangan bang bigyan muli ng pagsusulit ang mga mag-aaral kada taon para mapanatili ang karapatan na makasali? Ang mga mag-aaral na nakatala sa programa ay hindi na binibigyan ng pagsusulit muli. Ang mga mag-aaral na nakatala sa Accelerated Progress Program (APP), sa Spectrum Program, o sa isang Advanced Learning Opportunity (ALO) na paaralan na tumanggap ng Advanced Learning na tala ng pag-unlad, ay hindi na kinakailangan na magsulit muli para mapanatili ang karapatan ng paglahok. Kabilang na rito ang mga mag-aaral na nasa ika-5 na papasok sa ika-6 na grado. **Ang mga mag-aaral na natuklasan na nararapat para sa programa sa panahon ng ikot ng pagsusulit (2009-2010) na <u>hindi</u> nakatala sa programa para sa 2010-2011 ay kailangang bigyan ng pagsusulit muli sa susunod na ikot ng pagsusulit.** Ang mga mag-aaral na nagpatala para sa isang programa at nailagay sa talaan ng naghihintay(waitlist)ay bibigyan ng palugit ngunit kailangang makapagpatala bago matapos ang Open Enrollment (Malayang Pagpapatala) para sa susunod na taon o pagsusulit muli.

Mayroong bang karapatang pagsusulit para sa ika-8 gradong mag-aaral? Wala. Ang karapatang pagsusulit ay hindi kailangan para makapasok sa programang Internasyonal Baccalaureate (ibinibigay sa Sealth at Ingraham) o pumasok sa sa mga kurso ng Advanced Learning (ibinibigay sa siyam na mga haiskul na paaralan sa distrito).

***Ang aking anak ay nasa pribadong paaralan: Ano ang aking gagamitin para sa numero ng identipikasyon ng mag-aaral?** Kung ang inyong anak ay dati ng nakapagpapatala sa Seattle Public Schools o nagpalista na noon para sa pagsusulit, ang inyong anak ay may numero ng Seattle Public Schools ID. Ang mga pamilya ng pribadong paaralan na hindi alam, o walang numero ng SPS ID, ay kailangang iwanan iyon ng blangko. Huwag pong gamitin ang social security numbers.

***Bakit kailangan ang étniko sa pormularyo ng nominasyon?** Ang étniko ay kailangan sa pagbibigay ng numero sa ID ng Seattle Public Schools at kailangan para sa lahat ng mga mag-aaral na wala pang ID.
*Kung ang inyong anak ay hindi nakatala ngayon sa Seattle Public Schools at walang numero ID ng Seattle Public Schools, paki-pili ang mga sumusunod: AI: Amer Indian; AN Alaskan Native; BL Black,; CH Chinese; EI East Indian; FI Filipino; GY Gipsy; HA Hisp Asian or Pac Islander; HB Hisp Lack; HI Hisp Indian; HW Hisp White; JN Japanese;KO Korean; NA Native Amer o iba Alaska Native; OA ibang Asiano o Pac Islander; SA Samoan; SO Southeast Asian; VI Vietnamese:; WH White

ANG MGA PORMULARYO PARA SA NOMINASYON AY NAKATAKDA PARA SA OKTUBRE 8, 2008

TAGALOG

Advanced Learning Student Services
Mailing address: M.S. 32-936 – P.O. Box 34165 Seattle, WA 98124-1165
Web address: http://www.seattleschools.org/area/advlearning/index.xml *Phone: 206-252-0130*

Ano ang mga programa at mga serbisyo ng Advanced Learning? Ang mga programa ng Advanced Learning ay nagbibigay ng napakahirap at mabilis na kurikulum para sa mga mag-aaral na likas na matalino sa akademiko. Ang mga abanseng mag-aaral ay nagmula sa lahat ng kultura, lingguwistika, at iba't ibang antas ng buhay , at iba't ibang abilidad at mga kakayahan. Karaniwang kailangan nila ang iba't ibang programa at serbisyo na nasa kapaligiran na nanghihikayat at nag-aalaga ng pagtatanong, naibabagay, at kritikal ang malikhaing pag-iisip. Ang opisina ng Advanced Learning ay inuugnay ang mga programa/ mga karapatan sa pagsusulit at pamamahala ng Lupon ng Kolehiyo/mga pagsusulit sa Advanced Placement .

Programa	Mga Grado na Pinag-lilingkuran	Mga Pagsusulit para maging Karapat-dapat	Kurikulum
Advanced Learning Opportunities (ALO)	1-8	Hindi kailangan	Pinaunlad at pinabilis na kurikulum sa pagbabasa at matematika.
Spectrum Young Scholars	1-2	OO	Pinabilis na kurikulum sa pagbabasa at matematika (karaniwang isang-taon na mas mataas sa nakatalang grado)
Spectrum	3-8	OO	Pinabilis na kurikulum sa pagbasa (language arts) at matematika (karaniwang isang-taon na mas mataas sa nakatalang grado)
Accelerated Progress Program (APP)	1-8	OO	Pinabilis na kurikulum sa pagbasa(language arts) at matematika base sa pangangailangan ng mag-aaral (karaniwang dalawang-taon na mas mataas sa nakatalang grado)
International Baccalaureate	9-12*	Hindi kailangan	Napakahirap na kurikulum sa haiskul base sa isang internasyonal na gawain at sinuring kurikular na programa para maging daan sa kredito sa kolehiyo
Advanced Placement	9-12*	Hindi Kailangan	Napakahirap na kurikulum sa haiskul na pinamahalaan ng Lupon ng Kolehiyo na maaring maging daan para sa kredito sa kolehiyo

***** Ang pagsusulit para sa karapatan ay hindi kailangan upang magamit ang mga programa sa haiskul at ang mga pagsusulit ay hindi ibibigay sa mga nasa ika-8 graado.

Dapat ba akong magnomina at ipasuri ang aking anak para sa isa na mga programang ito? Narito ang pasimulang mga katangian na isasaalang-alang kapag nagnonomina.

Mga kasanayang pangwika	✓ Mayroong maunlad/mahirap na bokabularyo para sa kaniyang edad ✓ Parang tuloy-tuloy kung magsalita at magtanong
Mga kasanayan sa pag-iisip	✓ Ay maimahinasyon, maraming ideya ✓ Nakapagbibigay ng maraming interesadong solusyon sa mga suliranin
Mga gawi sa pag-aaral	✓ Madaling maunawaan ang impormasyon; natatandaan kung ano ang natutuhan ✓ Nais na gumawa ng mas mahirap na mga bagay; maaring hindi matapos ang mga regular na aralin dahil nais na gugulin ang oras sa paggawa ng mga proyekto na kawili-wili sa kaniyang palagay
Pagganyak (Motivation)	✓ Ay napakainteresado sa ilang mga paksa/proyekto at nais na gawin palagi ang mga iyon ✓ Ayaw o hindi nangangailangan ng maraming direksyon para matapos ang isang gawain; nais na mag-isang malaman kung paano
Panlipunan-emosyonal na pag-unlad	✓ Ay sensitibo sa mga damdamin ng iba at nagmamalasakit tungo sa pagkakapantay-pantay ✓ Maaring maging perpekto at/o nabibigo agad kung nagkamali ✓ Maaring naisin pa na makihalubilo sa mga mag-aaral na mas nakatatanda at/o matanda
Pagbasa	✓ Ay napakagaling magbasa, nakababasa ng higit pa sa antas ng grado at/o nagbabasa noong napakabata pa
Mga Kasanayan sa Matematika	✓ Gustong-gusto ang matematika, nakakagawa ng higit pa sa antas ng grado sa matematika at/o nagpapakita ng interes sa mga numero noong napakabata pa

TAGALOG

Advanced Learning Student Services
Mailing address: M.S. 32-936 – P.O. Box 34165 Seattle, WA 98124-1165
Web address: http://www.seattleschools.org/area/advlearning/index.xml *Phone: 206-252-0130*

PORMULARYO NG PAHINTULOT NG MAGULANG /TAGAPAG-ALAGA

(ANG PIRMADONG PORMULARYONG NOMINASYON ITO AY KAILANGAN BAGO SA LAHAT NG PAGSUSULIT)

Pangalan ng Mag-aaral Apelyido Pangalan Gitna	7-Numero ng Seattle Public School ID # (Kailangan)*
Magulang/ Tagapag-alaga	Grado(09– 10)
Tirahan Koda ng Pook	Paaralang Kasalukuyang Pinapasukan (09 – 10)
Numero ng Telepono	Araw ng Kapanganakan
E- mail address	Kasarian
Kung kailangan ng inyong anak ang espesyal na akomodasyon sa pagsusulit na nakasaad sa IEP o plano ng 504, paki- tsek dito. Ipadala ang kopya ng plano ng 504 sa itaas na address na mas maaga bago magsulit. ☐	Unang Wika Ginagamit sa Bahay
Ang inyong anak ba ay nainomina na at nasuri para makasali sa programa ng Advanced Learning sa Seattle Public Schools? Oo___ Hindi ____ Kung "Oo" anong taon nasuri ang inyong anak?	Etniko*

Mga Magulang/ Tagapaga-alaga ng nasa mga Pampublikong Paaralan ng Seattle:

Ibinibigay ko ang aking pahintulot na mabigyan ng pagsusulit ang aking anak ng programa ng Advanced Learning. Ang cognitive testing (pagsusuri ng kaisipan) ay ibibigay sa lahat mag-aaral. Ang achievement testing (pang-akademikong pagsusulit) ay ibibigay rin. Naibigay sa akin ang mga paliwanag sa pamamaraan para sa identipikasyon, mga pagpipiliang programa, at ang proseso ng pag-aapila (WAC 392-170-047)

Inyong pirma _____ Petsa _____

Mga Magulang/Tagapag-alaga ng Pribadong Paaralan:

Ibinibigay ko ang aking pahintulot na mabigyan ng pagsusulit ang aking anak ng programa ng Advanced Learning. Ang cognitive testing (pagsusuri ng kaisipan) ay ibibigay sa lahat ng mag-aaral. Ang achievement testing (pang-akademikong pagsusulit) ay ibibigay rin. Naibigay sa aking ang mga paliwanag sa pamaraan para sa identipikasyon, mga pagpipiliang programa, at ang proseso ng pag-aapila (WAC 392-170-047).

Inyong pirma _____ Petsa _____

(Ang mga pamilya na hindi kasalukuyang nakatala sa Seattle Public Schools ay kinakailangang maglakip ng tseke na may halagang $90 na hindi maibabalik para sa bayad sa pagpoproseso.)

Ang pirma ay kinakailangan ayon sa WAC 392-170-047

*****Paki-tingnan ang ikalawang pahina sa Pakete ng Impormasyon

Ang pahintulot ng Magulang/Tagapag-alaga para SA LAHAT NG GRADO ay nakatakda para sa Oktubre 8, 2009.
Ang pahintulot ay maaring dalhin sa Stanford Center o ipadala sa koreo sa Advanced Learning.
Ang pormularyo para sa kasalukuyang mag-aaral ng mga Pampublikong Paaralan ng Seattle ay maaring ibigay sa tanggapan ng inyong paaralan.